ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIX Blg. 20
Oktubre 21, 2018
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Mataba ang lupa sa kanayunan para paigtingin ang digmang bayan

Ang bawat sulok ng mga bukid at kabundukan sa malawak na kanayunan ng Pilipinas ay batbat ng karukhaan at kagutuman. Walang lubay ang dinaranas na pagsasamantala at pang-aapi ng mahihirap na magsasaka, mga manggagawang bukid at iba pang saray ng masang anakpawis. Masidhi ang kanilang pagnanais na wakasan ang mahigit isang siglong sistemang malapyudal na animo'y gapos ng nakaraan at sagka sa panlipunang paglaya.

Sa buong bansa, naglalagablab ang diwang mapanlaban ng masang magsasaka para igiit ang kanilang kapakanan, ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at isulong ang kanilang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Lalo pang tumataba ang lupa para higit na mabilis at malawak na sumulong ang digmang bayan sa mga darating na panahon.

Di na mabata ng masang magsasaka ang paghahari ng malalaking panginoong maylupa, mga dambuhalang kapitalistang may-ari ng malalawak na plantasyon at mga kumpanya sa pagmimina at pagtotroso. Nag-uumapaw ang kanilang galit sa pasistang pananalakay ng mga armadong pwersa ng reaksyunaryong estado para supilin ang kanilang pakikibaka para sa lupa at katarungang panlipunan.

Lumalala ang laganap na problema ng kawalan at pang-aagaw ng lupa. Matapos ang halos pitong dekada ng mga huwad na programa sa reporma sa lupa, nasa kamay pa rin ng iilan ang malalaking asyenda at plantasyon.

"Mataba...," sundan sa pahina 2

## Komboy ng PNP, inambus ng BHB sa CamSur

MATAGUMPAY NA INAMBUS ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-West Camarines Sur (Norben Gruta Command) ang 1st Camarines Sur Provincial Public Safety Company (PPSC) ng Philippine National Police (PNP) sa kahabaan ng Maharlika Highway, Barangay Napolidan, Lupi, Camarines Sur noong Oktubre 18, alas-8:55 ng umaga.

Ang nasabing yunit ng PNP ay bahagi ng komboy panseguridad ni Bureau of Food and Drugs Authority Director General Mila Puno. Tatlong pulis ang napatay at apat ang nasugatan. Nasamsam mula sa kanila ang isang ripleng M14, limang magasin ng bala nito at dalawang magasin ng kalibre .45 pistola.

Taliwas sa pinalalabas ng

"Komboy...," sundan sa pahina 3

*"Mataba...," mula sa pahina 1*

Upang mabuhay, milyun-milyong magsasaka ang pumapasok sa labis na mapagsamantalang kaayusan sa pangungupahan sa lupa o kaya'y mamasukan bilang mga manggagawang bukid kapalit ang napakababang pasahod.

Pinakamalalala ang ganitong mga kaayusang pyudal sa malalawak na palayan, niyugan at tubuhan. Pasan-pasan ng mga magsasaka ang mataas na gastos sa produksyon. Itinatali sila sa mga binhing matakaw sa mamahaling pestisidyo at iba pang kemikal na ibinebenta ng malalaking dayong agribisnes.

Ang pagsasaka ay nakakukubang trabaho. Nananatiling atrasado ang sistema sa indibidwal at maliitang pagsasaka na binubuno lamang ng simpleng mga kagamitang manwal at mga hayop pambukid at umaasa sa tubig ulan. Limitado ang paggamit ng makinarya at mababa ang produksyon. Ngayong taon, halos 750,000 na ang nawalan ng hanapbuhay sa agrikultura.

Ang yamang nalilikha ng masang magsasaka ay hinuhuthot ng mga panginoong maylupa na walang ambag ni patak ng pawis sa paglinang ng lupa. Kinakamkam nila ang 30, 50 hanggang 90 porsyento ng ani ng magsasaka bilang upa sa lupa. Upang may panggastos sa pagsasaka at sa pang-araw-araw na pangangailangan, napipilitan ang mga magsasaka na isanla ang kanilang lupa at karapatang mangupahan upang mangutang sa mga usurero, aryendador, mga *rural bank* at ahensya sa *microfinance* na lubhang mataas ang interes. Pito sa sampung nagbabayad ng amortisasyon sa lupa ang napilitan nang isuko ang kanilang titulo.

Malaking patong sa gastos sa produksyon ang upa sa lupa at interes sa pautang. Barya na lamang ang natitira sa bulsa ng magsasaka matapos baratin ng mga komersyante ang kanilang mga produkto—palay man, kopra, abaka o mais. Lalupang tumindi ang kanilang katayuan sa harap ng pagsirit ng mga presyo ng mga bilihin ngayong taon dulot ng mga ipinataw na buwis ni Duterte.

Laganap ang mga kaso ng pagpapalayas sa mga magsasaka, mangingisda at masang minorya sa kanilang lupang sinasaka o lupang ninuno. Daan-daan libong ektarya ang hinahawan ni Duterte upang bigyang-daan ang ekspansyon ng mga operasyong pagmimina, o mga negosyo sa *real estate*, turismo, enerhiya, mga proyektong pang-imprastruktura at mga plantasyon ng pinya, saging, *oil palm* at iba pang produktong pang-eksport kasosyo ang malalaking kapitalistang dayuhan.

Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan ng rehimeng Duterte, at sa tulak at suporta ng imperyalismong US, walang habas ang paggamit sa AFP, PNP at mga grupong paramilitar para kubkubin at sakupin ang daan-daang komunidad sa kanayunan, kabilang ang mga lugar ng Moro. Walang-habas ang pag-abuso sa mga karapatang-tao laluna sa Mindanao na mahigit isang taon nang nasa ilalim ng batas militar. Walang batayang isinasakdal ang masa at itinuturing silang iligal at tagasuporta ng armadong kilusan. Mahigit 4,000 na ang pinwersang pumarada bilang mga "sumukong NPA." Labintatlo na ang mga kaso ng brutal na pagmasaker. Hindi bababa sa 170 magsasaka ang pinaslang sa ilalim ni Duterte. Lagpas 500,000 ang napwersang magbakwit.

Subalit bigo ang todong gerang panunupil ng rehimeng US-Duterte laban sa masang magsasaka. Sa halip na masindak at yumuko, lalo nilang itinataas ang kanilang noo at kinukuyom ang kamao, batid na mas matinding kaapihan at pagsasamantala ang kahahantungan kung susuko sila tiraniya at terorismo ng mga panginoong maylupa, malalaking dayuhang korporasyon at mga kasapakat na bulok na burukratang kapitalista at pasista.

Mataba ang lupa ng kanayunan para mas malakas na isulong ang armadong rebolusyon. Panghawakan kapwa ang obhetibong kalagayan at suhetibong lakas upang isulong nang walang kaparis sa bilis at lawak ang digmang bayan sa buong bansa.


ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 20 | Oktubre 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroom

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Mataba ang lupa sa kanayunan para paigtingin ang digmang bayan 1

PNP, inambus sa CamSur 1

9 na magsasaka, minasaker 4

Konsultant ng NDFP, inaresto 5

Pagpapanday ng Partido sa FX 6

Pambabarat sa mga mgasasaka 7

Nagpapatuloy na gerang anti-Moro 8

Mga protesta 10

Operation Pacific Eagle-Philippines 11

Kolonyal na edukasyon sa Pilipinas 13


Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Dapat puspusang isulong ang mga pakikibaka ng masang magsasaka. Matatag na isulong ang mga pakikibakang antipyudal, antipasista at anti-imperyalista at pakilusin ang milyun-milyong masang anakpawis sa kanayunan. Isagawa ang masusi at masaklaw na pagsisiyasat sa kalagayan at mga problema ng masa at tukuyin ang mga solusyon at hakbangin para tugunan ang kanilang kagalingan sa harap ng matinding krisis sa ekonomya at lumulubhang kalagayang panlipunan. Isulong ang lahat ng anyo ng paglaban para igiit at ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa, mula sa simpleng karapatang magtanim ng makakain hanggang sa pag-angkin ng pag-aari sa lupa.

Hikayatin ang malawakang pagsapi ng mga magsasaka, laluna ang mga kabataan, sa hukbong bayan upang mas lalo pang palakasin ang BHB bilang kanilang hukbo. Tuluy-tuloy na palawakin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa batayan ng malalim at masaklaw na suporta at pagpapakilos ng masa. Malawakang ilunsad ang mga taktikal na opensiba laban sa masasahol na pasistang kaaway.

Ibayong palawakin at patatagin ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa at ang mga komiteng rebolusyonaryo mula sa antas barangay pataas bilang mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Sa bawat antas, ipatupad ang mga programa para sa edukasyong masa, kultura, kalusugang pampubliko, depensa at pangangalaga sa kapayapaan, ekonomya at iba pang larangan para lutasin ang kanilang mga problema. Malikhaing labanan ang todong gera ng kaaway at kampanya ng iligalisasyon sa masa.

Patuloy at mas masaklaw na ipatupad ang minimum na programa ng Partido sa reporma sa lupa para ibaba ang upa sa lupa, pawiin ang usura at igiit ang makatwirang presyo ng mga produkto. Ipatupad ang maksimum na programa ng kumpiskasyon ng lupa kung saan maaari itong ipagtanggol ng BHB. Sa bawat yugto, sistematikong pagplanuhan ang ekonomya upang tiyakin ang produksyon ng pagkain, tuluy-tuloy na itaas ang kita ng masang magsasaka at suportahan ang ibayong paglaki ng hukbong bayan.

Sa lahat ng ito, susi ang pagpapalawak at pagpapatatag ng Partido. Dapat mas lalo pang palalimin at palawakin ang pag-ugat ng Partido sa hanay ng masang anakpawis sa kanayunan, upang epektibong makapagsanay at makapagpanday ng mga lider sa proletaryong pananaw, paninindigan at pamamaraan. Ibayong palawakin, patatagin at paramihin ang mga sangay at seksyon ng Partido.

Ilahad sa mga pabrika at paaralan sa kalunsuran ang mga isyu at pakikibaka sa kanayunan. Ang mga kadre at kasapi ng Partido at mga aktibista sa kalunsuran ay hinihikayat na maramihang magtungo sa kanayunan at mag-ambag sa pagsusulong ng digmang bayan. Higit kailanman, kailangang-kailangan ang mga kadreng manggagawa at mga intelektwal, para mag-ambag ng kanilang kaalaman at kasanayan sa pagsusulong ng mga pakikibakang magsasaka at rebolusyong agraryo, pagtatatag at pangangasiwa sa gubyernong bayan at pagpapalakas ng hukbo at pagsusulong ng armadong pakikibaka. AB

---

*"Komboy...," mula sa pahina 1*

Armed Forces of the Philippines (AFP) at PPSC, masinsing pinipili ng Pulang hukbo ang mga target nito sa bawat taktikal na opensiba. Partikular sa insidente sa Lupi, ang mga armadong elemento lamang ng PNP ang tinarget ng *command-detonated* na mga eksplosibo, ani Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng National Democratic Front-Bicol. Dahil kontrolado ang pagsabog at tukoy ang target, iniwasan ang sasakyang lulan si Puno. Ayon kay Banua, nakuha nila ang eksaktong mga detalye sa komboy mula mismo sa PNP.

Bago nito, tinambangan din ng BHB si Teodoro Adaptante noong Oktubre 17, isang CAFGU na nakadestino sa Barangay Alanao ng parehong bayan.

Ang PPSC at iba pang mersenaryong armadong pwersa ng reaksyunaryong gubyerno ay sangkot sa hindi mabilang na mga krimen ng paglabag sa mga karapatang-tao sa Bicol. Liban sa walang habas na pagpatay sa mga sibilyan sa tabing ng "gera kontra droga," sangkot din sila sa mga kaso ng pagpaslang sa mga aktibista.

**Camarines Norte.** Noong Oktubre 14, dalawang M4 *assault rifle* ang nasamsam ng BHB-Camarines Norte matapos nilang ambusin ang 96th IB sa Purok 7, Barangay Dumagmang, Labo, Camarines Norte, bandang alas-4 ng hapon. Walo ang napatay at dalawa ang nasugatan sa mga sundalo.

Isinagawa ang ambus malapit lamang sa pansamantalang pinagkakampuhan ng 96th IB.

**Agusan del Sur.** Naglunsad ang BHB-Agusan del Sur ng aksyong pamamarusa noong Oktubre 4 laban kay Charity Ampong, isang despotikong panginoong maylupang nagmamay-ari ng daan-daang ektaryang sakahan ng kalamansi sa Barangay San Luis, Agusan del Sur. Pinaralisa ng mga Pulang mandirigma ang isang trak at sinunog ang ilang sako ng abono at 18 ektaryang sakahan na pag-aari ni Ampong. Ang hakbang pamamarusa ay tugon sa reklamo kaugnay sa napakababang pasahod at hindi makataong kundisyon sa paggawa sa asyenda.

Sa panahon ng taniman, pinasasahod lamang ni Ampong ng P250 kada araw ang mga magsasaka. Hindi sila pinahihintulutang magpahinga liban sa tanghali. Kapag tumigil sila sa pagtatrabaho nang wala sa panahon, kinakaltasan ang kanilang sahod. Tuwing

*"Komboy...," sundan sa pahina 4*

"Komboy...," mula sa pahina 3

anihan, binabayaran lamang sila ng P90 kada sako ng napitas na kalamansi.

Kinabukasan, tinambangan ng BHB ang mga elemento ng CAFGU Active Auxiliary na walang patumanggang nagpaputok sa barangay. Walo ang kumpirmadong nasugatan sa mga ito. Pinarangalan ng BHB-Agusan del Sur si Joel Seguero na namartir sa nasabing labanan.

**Northern Samar.** Inambus ng mga Pulang mandirigma mula sa Special Operations Group ng BHB-Northern Samar (Arnulfo Ortiz Command) sina Ananias Rebato, dating alkalde ng bayan ng San Jose de Buan kasama ang mersenaryong si Severino Tesoro Jr. noong Oktubre 8 sa Barangay Babaclayon, San Jose de Buan. Namatay sa insidente si Tesoro habang malubhang nasugatan si Rebato. Namatay kalaunan sa ospital si Rebato.

Kilala si Rebato sa pagiging kurakot at despotiko. Nakasampa laban sa kanya ang 31 kaso ng panghahalay at panggagahasa sa kababaihan. Bilang isang masugid na tagatangkilik ng AFP, pinangunahan niya ang paghahasik ng ligalig sa mga komunidad ng nasabing bayan at ang pagpapalayas, panggigipit at pagpaslang sa mga magsasakang naninirahan doon.

Ang aksyong pamamarusa ay paggawad ng rebolusyonaryong hustisya hindi lamang para sa mga direktang biktima ni Rebato kundi para rin sa mamamayan ng San Jose de Buan na naghirap nang matindi sa ilalim ng kanyang tiranikong panunungkulan.

Samantala, isang kabataang magsasaka ang iligal na inaresto at inimbwelto ng militar sa nasabing opensiba.

Nag-alay ng Pulang saludo ang BHB-Eastern Visayas (Efren Martires Command) kay Ambie Gabane (Ka Mati/Ka Mamoy) na namartir habang isinasagawa ang ambus. AB

# 9 na magsasaka, minasaker sa Negros

Siyam ang patay, kabilang ang dalawang menor de edad at apat na babae, sa isang masaker sa Hacienda Nene, Purok Fire Tree, Barangay Bulanon, Sagay City, Negros Occidental, noong Oktubre 20.

Pinaulanan ng bala ng aabot sa 40 armadong lalaki ang mga magsasakang nagpapahinga bandang alas-9:30 ng gabi sa isang kubol sa nasabing asyenda. Kinilala ang mga napatay na sina Iglicerio Villegas, Angelipe Arsenal, at Morena Mendoza na mga residente ng Barangay Plaridel; at sina Peter Ras, Dodong Laurenio, at Bingbing Bantigue. Kasama rin sa napatay sina Joemarie Ughayon Jr., 17, taga-Barangay Rafaela Barrera, at Marchtel Sumicad, 17, taga-Purok Mahogany, Barangay Bulanon.

Batay sa mga ulat, halos lahat ng biktima ay nagtamo ng tama ng bala sa ulo. Tatlo sa mga biktima ay sinunog ang bangkay habang apat ang nakaligtas sa pamamaril.

Ang mga biktima ay kasapi ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) na nagsimula ng bungkalan o kolektibong pagsasaka sa lugar noong Oktubre 19. Ang lupa ay nasa loob ng 75-ektaryang asyenda na kinakamkam ng isang Atty. Barbara Tolentino, at inuupahan ng Conpinco Trading.

Ang nasabing asyenda ay mayroong "notice of coverage" mula sa Department of Agrarian Reform (DAR), ngunit hindi pa sinisimulan ang pamamahagi dito.

Taun-taong inilulunsad ng mga magsasaka rito ang bungkalan mula 2008 upang makaraos sa "tiempo muerto" o patay na panahon sa pagitan ng anihan at muling pagtatanim ng tubo.

Sa isang pahayag, inilahad ng NFSW na ang mga lalaking bumaril sa mga magsasaka ay maaaring mga mersenaryong kasapi ng "Revolutionary Proletarian Army," isang armadong grupo sa Negros na tumiwalag sa Partido Komunista ng Pilipinas noong 1993.

Binigyang-diin naman ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na hindi ito ang unang insidente ng pagpatay sa mga magsasaka sa Sagay City.


Noong Disyembre 21, 2017, pinatay sa saksak ng mga hinihinalang kasapi ng 12th IB-CAFGU si Flora Jemola, tagapangulo ng NFSW-Sagay City. Noong Pebrero 21, binaril at napatay din ng mga hinihinalang kasapi ng CAFGU si Ronald Manlanat, kasapi ng NFSW sa Hacienda Joefred, Barangay General Luna.

Ayon sa pahayag ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura, ang nasabing mga pagpatay ay direktang resulta ng kampanyang "red-tagging" ng AFP sa mga magsasaka sa Negros. Noong Abril 20, naglabas ng pekeng ulat si BGen. Eliezer Losanes, kumander ng 303rd IBde, na ang mga lupang binubungkal ng mga manggagawang bukid at magsasaka sa tubuhan sa Negros ay mga "komunal na sakahan" ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa kabuuan, 45 na ang napatay na magsasaka sa Negros Island sa ilalim ng rehimeng Duterte.

**Pagpatay**. Isang magsasakang B'laan ang binaril at pinatay ng mga elemento ng 73rd IB sa Sityo Mahayag, Barangay Upper Suyan, Malapatan, Sarangani noong Oktubre 7, dakong alas-7 ng gabi.

Nakilala ang biktima bilang si Jimmy Ambat, na inaakusahan ng militar na kasapi ng BHB. Nasa kanilang bahay si Ambat kasama



ang kanyang pamilya nang siya'y pinatay. Binaril siya nang sumaklolo sa kanyang pamangkin na noo'y binubugbog ng mga sundalo.

Noong Oktubre 15, pinatay ng mga hinihinalang elemento ng militar si Victor Villafranca, kasapi ng Haligi ng Batangueñong Anakdagat (HABAGAT) sa Lian, Batangas. Aktibo si Villafranca sa kampanya laban sa pagpapalit-gamit ng lupa at militarisasyon sa kanilang lugar. Ayon sa Pamalakaya, si Villafranca ang ikaanim na mangingisdang pinatay sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Sa Albay, pinagbabaril ng mga elemento ng 22nd IB-CAFGU si Mario Pantoja Maritana, 40, noong Oktubre 2 ng umaga habang pauwi sa kanilang bahay sa Barangay Doña Mercedes, Guinobatan.

Sakay ng kanyang motor si Maritana mula sa paghatid ng kanyang anak sa paaralan sa kalapit na Barangay Malobago nang siya'y tambangan. Namatay si Maritana sa ospital makalipas ang dalawang araw.

Matagal nang pinagbibintangan ng militar ang biktima bilang tagasuporta ng BHB at sangkot umano sa ginanap na ambus ng BHB noong Setyembre laban sa 22nd IB-CAFGU sa kanilang barangay.

Sa katabing syudad ng Ligao, pinuntahan ng mga tauhan ng 22nd IB-CAFGU ang bahay ng magsasakang si Amador Orfano, 59, sa Barangay Pandan noong Oktubre 7, bandang alas-3 ng madaling araw.

Tinanong ng mga salarin si Orfano kung nasaan ang bahay ni Kagawad Grace Ocfemia. Matapos nito, pinagbabaril ang biktima at namatay.

Matapos ang krimen, tumungo ang mga salarin sa sunod na barangay ng Pinamaniquian at sinunog ang bahay ni Ocfemia.

Maliban dito, dalawa pang bahay ng pamilyang Quinalayo ang magkasunod na sinunog ng mga pasista sa parehong barangay noong Oktubre 14 at 16. Nagbanta pa ang 22nd IB-CAFGU na susunugin nila ang lahat ng bahay sa lugar.

**Pambubuwag.** Lapimpitong kasapi ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farms (NAMASUFA), kabilang ang isang buntis, ang nasugatan sa halos sabay-sabay na pagbuwag ng kanilang piketlayn ng Sumitomo Fruits Corp. (SUMIFRU) noong Oktubre 11. Sa loob ng 13 oras, sinalakay ng 300 gwardya, bayarang maton at eskirol ng kumpanya ang mga piketlayn sa SUMIFRU Packing Plant (PP) 370 sa mga barangay ng Pilar Babag, PP 98 at PP340 sa Osmeña, PP 92 sa Alegria, PP 90 sa Gabi, PP 99 sa San Miguel at PP115 sa Maparat, lahat sa Compostela, Compostela Valley.

Sinira ng mga sumalakay ang itinayong kubol, sinunog ang mga istruktura at pagkain at pinagbubugbog ang mga welgista. Habang isinasagawa ito, iligal namang pinasok ng mga sundalo ng 66th IB ang mga bahay ng mga manggagawa. Imbes na saklolohan, inaresto pa ng mga pulis ang dalawa sa mga manggagawa. Dahil sa kanilang paggigiit, agad ding pinalaya sina Jimboy Cagas at Ramil Monte.

Ayon kay John Paul Dizon, pangulo ng NAMASUFA, sinubukan muna ng militar at pulisya na pwersahang pasukin ang kanyang bahay na malapit sa piketlayn bago sinimulan ang pagbuwag.

Ang pagdedeploy ng mga *dispersal team* sa iba't ibang piketlayn ng mga nagwewelgang manggagawa sa Sumifru ay naganap ilang araw matapos ibasura ng Compostela Valley Regional Trial Court 11 Branch 56 noong Oktubre 6 ang petisyon ng Sumifru para pigilan ang mga manggagawa sa pagharang sa paglabas at pagpasok ng mga produktong saging sa nasabing plantasyon.

Samantala, noong hapon ng Oktubre 18, marahas ding binuwag ng mga gwardya at pulisya ang itinatayong kampuhan sa harap ng DAR ng mga magsasakang mula sa Norzagaray at San Jose del Monte, Bulacan. Nagtayo ang naturang mga magsasaka ng isang pamilihan ng mga gulay na kanilang inani mula sa mga lupang kanilang binungkal at ipinaglalaban. Nagtungo rin ang mga magsasaka sa DAR upang makipagdayalogo sa pamunuan nito. Ngunit katatapos lamang ng dayalogo nang umatake ang mga gwardya at pulis upang buwagin ang kanilang itinayong mga kubol.

**Panggigipit.** Tuluy-tuloy na ginigipit at sinisiraan ng militar at kanilang mga bayarang *troll* sa internet sa mga aktibista sa Nueva Vizcaya, Isabela at Cagayan. Dalawampu't anim na indibidwal ang pinangalanang "kasapi ng NPA" sa mga sulating ipinakalat ng 5th ID sa Tuguegarao City at Amulong, Cagayan.

Sa Ilocos, inakusahan ng mga *troll* ng AFP si Mary Ann Gabahan ng Ilocos Human Rights Alliance bilang "tagapagtangol ng NPA" at "kabit ng isang konsehal."

Hindi rin nakaligtas sa panggigipit at paninira ang mga manunulat at istap ng Nordis, isang alternatibong mapagkukunan ng balita sa Northern Luzon. AB

# Ang pagpapanday ng Partido sa FX

*Ang artikulong ito ay ambag ng mga myembro ng Partido sa rehiyon ng Bicol sa serye ng* Ang Bayan (AB) *tungkol sa mga tampok na karanasan sa pagbubuo ng mga sangay ng Partido sa iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Nananawagan ang patnugutan ng* AB *sa iba pang komite ng Partido na mag-ambag sa seryeng ito sa pamamagitan ng pagsumite ng inyong tampok na mga kwento.*

Ang pagbubuo sa Partido ay una sa lahat ang pagbubuo sa ideolohiya—ito ang pinatunayan ng sangay ng Partido sa FX. Sa pagbubuo ng kumpyansa ng Partido sa pamumuno sa komprehensibong gawain, susi ang masiglang edukasyong teoretikal at pagsisikap na ilapat ito sa pang-araw-araw na gawain sa rebolusyon ng sangay.

Taong 1974 unang naorganisa sa pambansa-demokratikong rebolusyon ang mga residente ng baryong FX. Mga rebolusyonaryong galing sa Sorsogon ang unang nakarating sa lugar. Sa sumunod na mga taon, nabuo ang Komiteng Pang-organisa, ang sangay ng Partido sa lokalidad (SPL) at ang yunit ng milisyang bayan. Ang baryo ng FX ang isa sa mga konsolidadong baryo na unang naipundar ng mga kasama sa prubinsya. Ang sangay sa FX ay dumaan na sa ilang bagyo at sigwa dulot ng iba't ibang kampanyang "kontra-insurhensya" ng reaksyunaryong estado.

Katulad sa karanasan ng ibang naitayong SPL, dumanas ang sangay sa FX sa mga pagsulong at pag-atras. Sa pamamagitan ng pagtangan sa mayor na mga aral sa kasaysayan, sumulong at lumakas ang Partido sa FX. Isa sa mga aral na ito ang kahalagahan ng pagpapasigla sa gawaing edukasyon sa pagbubuo ng sangay.

Banggit ni Ka Liz, kalihim ng SPL sa FX, sa liham niya sa kasama na "...sa ngayon ay nakatakda kaming magbuo ng komiteng rebolusyonaryo sa baryo. Dapat matagal nang nakapagbuo nito, kaya lang ay naging mabagal ang pagtataas ng antas ng mga organisasyong masa sa kabila ng matagal nang mayroong sangay ng Partido at mga ganap na samahang masa. Ang naging salik ay ang mabagal na pagbibigay ng pag-aaral sa nakaraan. Bunga rin ito ng kakulangan

*"Pagpapanday...," sundan sa pahina 7*

---

## Konsultant ng NDFP at 4 na iba pa, iligal na inaresto

ILIGAL NA INARESTO ng militar at pulisya ang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na si Adelberto Silva, at apat na iba pa bandang alas-2 ng hapon sa Barangay Pagsawitan, Sta. Cruz, Laguna noong Oktubre 15.

Kasama ni Silva, 71, sina Hedda Calderon, 63, ng Gabriela Women's Party; Ireneo Atadero, 55, ng Kilusang Mayo Uno; Ediciel Legazpi, 60, isang magsasaka; at ang drayber nilang si Julio Lusania, 53.

Matapos harangin ang kanilang sasakyan at pababain sila, nagtanim ang militar ng mga baril, granada at iba pang pampasabog bilang ebidensya. Kinabukasan, kinasuhan sila ng *illegal possession of firearms and explosives*. Napabasura ang kaso laban kina Calderon, Atadero at Legazpi at pansamantala silang pinalaya noong Oktubre 18.

Mariing kinundena ng NDFP ang pag-aresto kay Silva, na isa sa pangunahing kasapi ng NDFP Reciprocal Working Committee on Social and Economic Reforms. Pahayag ni Fidel Agcaoili, *chief peace negotiator* ng NDFP, si Silva at ang kanyang mga kasama ay nagsasagawa ng mga konsultasyon sa iba't ibang sektor nang sila ay arestuhin. Bilang konsultant, nararapat sanang ligtas si Silva sa paniniktik, pag-aresto, at pananakot sa ilalim ng GRP-NDFP Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees.

Noon namang Oktubre 15, dinakip ng pulis sa Misamis Oriental si Alfredo Abao, kasapi ng Misamis Oriental Farmers' Association. Si Abao ang pangatlong lider-magsasaka na inaresto sa nasabing prubinsya.

Iligal ding inaresto ng mga sundalo ng 7th ID at pulis ang apat na aktibista sa Sityo Bangkusay, Barangay Talabutab Norte, Natividad, Nueva Ecija noong Oktubre 13.

Kinilala ang mga dinakip na sina Yolanda Diamsay Ortiz, 46, ng Anakpawis; at Eulalia Ladesma, 44, ng Gabriela Women's Party. Sumailalim sila sa interogasyon kung saan dalawa sa kanila ay may bakas ng tortyur sa mukha. Inaresto rin sina Rachel Galario, 20, at Edzcel Emocling, 23. Inakusahang mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan ang apat, na noo'y nasa lugar para tumulong sa mga magsasakang nasalanta ng Bagyong Ompong. Binantaan din ng militar ang kanilang mga kamag-anak.

Nagsagawa ng kabi-kabilang kilos-protesta ang mga mag-aaral ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) bilang suporta sa kapwa nilang estudyanteng si Emocling at mga kasama niyang inaresto. Pansamantalang nakalaya sina Emocling at Galario noong Oktubre 16.

Noong Oktubre 17, dinakip naman ng siyam na di-nakilalang lalaki si Ceasar Carreon, kasapi ng Anakpawis, sa Mexico, Pampanga. Nito namang Oktubre 18, napag-alamang ilang linggo nang nawawala si Joey Torres Sr., panrehiyong organisador ng mga magsasaka ng Bayan Muna sa Nueva Ecija. AB

*"Pagpapanday...," mula sa pahina 6*

sa mga sinanay na mga instruktor."

Dahil sa pagkilala sa mayor na mga salik na kahinaan sa nakaraan, pinagtulungan ng sangay at ng komite ng Partido sa rehiyon ang gawaing edukasyon sa lokalidad. Dulot nito, inabot dito ang relatibong mataas na porsyento ng mga nakapagtapos sa Batayan at Intermedyang kurso ng Partido (BKP at IKP). Nakapagtapos ng IKP ang lahat ng mga kagawad ng komiteng tagapagpaganap o KT ng SPL sa FX. Samantala, 48% naman sa buong kasapian ng sangay ay nakapagtapos din nito. Nasa 92% ng buong kasapian ng Partido sa lokalidad ang nakatapos ng BKP.

Naabot ng sangay ang mga tagumpay na ito dahil sa paggana ng makinarya sa instruksyon ng SPL. Sampung instruktor ang nasa kwerpo ng mga instruksyon ng BKP at dalawa ang para sa IKP. Naging patakaran ng komite ng Partido sa prubinsya na pangunahing hikayatin ang mga kalihim ng SPL na tumayong mga instruktor nang sa gayon ay maging mulat sila na pangunahan ang gawaing edukasyon sa sangay. Habang may kapasidad ang SPL sa FX na paganahin ang sariling makinarya sa BKP, inihahanda na rin nito ang mga rekisito para sa pagtatayo ng sariling makinarya para sa IKP.

Ayon kay Ka Jing, isa sa mga namumunong instruktor sa FX, dati ay nahihirapan silang ilunsad ang mga kampanya sa edukasyon ng Partido laluna ang BKP, pero mula nang masanay sila ay naging madali na ang pagbibigay ng pag-aaral.

"Una, nakikipagkonsultahan kami sa KT ng SPL para sa paghahanda ng pag-aaral. Samantala, ang milisyang bayan ang nag-aasikaso ng seguridad. Sa mga kabahayan ng baryo inilulunsad ang pag-aaral para mas madali para sa mga residenteng instruktor. Dahil nasa baryo lamang ito, pleksible ang nagiging iskedyul ng pag-aaral. Pwedeng *seminar* o istagard, depende sa mga mag-aaral," ayon kay Ka Jing.

Madalas na hinahati sa dalawang sesyong tig-tatlong araw ang BKP. Nalutas nito ang dating suliranin na hindi nakadadalo ang kababaihang ina dahil may maliliit pa silang anak na hindi pwedeng iwan kung matagal at malayo ang pag-aaral. Kahit ang mga kabataan na pumapasok sa eskwela ay nagkakaroon din ng pagkakataong makapag-aral ng BKP dahil maaari itong ilunsad tuwing Sabado at Linggo.


Dahil sa sistematiko at pleksibleng paglulunsad ng pag-aaral, naiiwasan ang maraming *baklag* ng mga hindi nakapagtapos na kasapi ng Partido ng pormal na mga kurso. Ang badyet sa pagkain para sa pag-aaral ay kaya ring suportahan ng pondo ng SPL mula sa mga kontribusyon at mula rin sa naiipong pondo galing sa ambag ng mga benepisyaryo ng rebolusyong agraryo. Mahalaga ring natitiyak ang mga kasangkapan sa gawaing edukasyon, tulad ng aklatan ng kinakailangang mga teksto at mga *hand-out* sa pag-aaral. Para sa mahusay at mabilis na pagbibigay ng edukasyon, gumamit ang sangay ng kompyuter at *projector*.

Dahil sa relatibong inabot na antas ng konsolidasyon sa ideolohiya, nalagpasan ng sangay ang dating kinaharap na mga suliranin. Kabilang dito ang pagkapasibo ng sangay at pagkaantala ng maraming gawain kapag malayo ang yunit ng hukbong bayan na kumikilos sa erya. Napatunayan sa karanasan ng SPL sa FX na ang kumpyansa ng mga kasama sa paggampan ng gawain sa pulitika at organisasyon ay dahil sa masiglang gawain sa ideolohiya. Liban sa pagpapatapos sa mga pormal na kurso, masigla rin ang kolektibong pagpaplano, pagtatasa, at pagpuna at pagpuna-sa-sarili (PPS) sa loob ng sangay.

Ayon pa kay ka Liz, "dahil sa mahusay at masiglang kolektibong pagkilos, mahusay din naming nagagampanan ang mga gawaing pang-organisasyon. Kapag mayroong gawain, nagpupulong ang KT at nailalatag nang mahusay sa buong sangay ang gawain na nakabatay sa programa sa tatlong larangan—sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. At syempre, para magkaroon ng direksyon at mahusay na dumaloy ang pulong, kailangang itakda ang layunin at adyenda nito.

Isa pa sa napakahalagang sangkap sa atin ay ang regular na PPS. Walang perpektong tao, at tayo'y nagkakamali kahit sa paggampan ng gawaing pang-organisasyon. Kaya matuto tayong tumanggap ng puna at ituwid natin ang mga mali. Ito ang pupukaw sa ating sarili at kolektibo hinggil sa bawat pagkukulang."

Dahil sa matitinding operasyon ng kaaway, may mga panahong nabuwag ang mga naitayong mga samahang masa sa FX. Subalit dahil



may inabot na tatag ang SPL, kinakaya nitong muling itayo ang mga organisasyon. Isang halimbawa ang panahon ng Oplan Bantay Laya I at II ng rehimeng Arroyo kung saan isinailalim sa matinding militarisasyon ang lugar. Matapos ang ilang panahon, muling naitayo ng sangay ang mga samahan ng tatlong sektor—magsasaka, kabataan at kababaihan. May kakayahan din ang SPL sa pangangasiwa ng eleksyon ng mga samahan. Dahil sa tatag na inabot at pagkumpleto ng mga rekisito, itinayo na ang komiteng rebolusyonaryo sa baryo ng FX.

Sa pamumuno ng sangay, masiglang nailulunsad ang mga kampanyang masa sa FX. Maraming pagkakataon na namomobilisa ng Partido ang mga residente nito para manindigan hindi lamang sa lokal na mga isyu kundi maging sa mga isyung pambansa.

Nang itayo ang lokal na yunit gerilya ng BHB, isa ang SPL sa FX sa agad na nakapagbigay ng tao na mula sa kanilang yunit ng milisyang bayan. Mulat ang SPL ng FX sa tungkulin nito para sa rekrutment ng mga pultaym sa hukbo. Dahil napanday ng matagal na pakikibaka, hindi na rin iniinda ng FX ang mga operasyong militar, at hindi rin agad nasisindak sa mga saywar ng kaaway. Ang mga kadreng lokal ng FX ay may masaklaw na pag-ugat hindi lamang sa gawain sa sariling baryo. Alam nilang may tungkulin sila sa iba pang mga kalapit baryo na relatibong nahuhuli. Ilan sa mga kadre ng FX ay nasa mga komiteng subseksyon na sumasaklaw sa baryong nakapaloob sa klaster.

Patunay ang karanasan ng FX sa kahalagahan ng gawain sa ideolohiya ng Partido sa lahat ng antas. Nagbigay ang partikular na karanasang ito ng direksyon sa iba pang panteritoryong organo ng Partido sa paghawak sa mayor na gawain sa konsolidasyon sa batayang antas. AB

# Pambabarat sa mga magsasaka sa Mindanao

PINABULAANAN NG NATIONAL Democratic Front of the Philippines-North Eastern Mindanao Region (NDFP-NEMR) ang pahayag ng rehimeng US-Duterte na ang mataas na presyo ng bigas ay dahil sa mataas na presyo ng lokal na palay.

Sa isang pag-aaral hinggil sa kalagayan ng mga magsasaka ng palay sa NEMR, ang 50 kilo na palay ay binibili ng komersyante sa halagang P900 (P18 bawat kilo) mula sa mga magsasaka sa panahon ng anihan. Karaniwan, ang giniling na 50 kilong palay ay nagpoprodyus ng umaabot sa 32-35 kilong bigas. Gumagastos ang komersyante ng kabuuang P145—P50 para sa pagbilad, P75 para sa pagkiskis at P20 para sa transportasyon. Ibinebenta ng komersyante ang napoprodyus na 35 kilong bigas mula sa 50-kilong palay sa P55/kilo o P1,925 kada sako. Kung ibabawas ang ipinambayad sa magsasasaka (P900) at gastos sa pagpapakiskis (P145), lalabas na P880 ang netong kita ng komersyante sa bawat 50-kilong sakong palay. Kung bibili ang komersyante ng 100 sako na palay, kikita siya ng P880,000 kada anihan.

Sa North Central Mindanao Region, laganap din ang murang pagbili ng mga produkto ng magsasaka. Ito ay sa harap ng nagmamahalang sangkap ng produksyon, mataas na upa sa lupa, mataas na singil sa pautang, mababang sahod at iba pang mapagsamantalang kundisyon. Halimbawa nito ay ang kalagayan ng mga mag-aabaka sa San Fernando, Bukidnon kung saan kumikita lamang ang bawat magsasaka ng P106 kada araw sa ibinebenta niyang abaka. Samantala, kumikita nang hanggang P7,643 ang mga komersyante sa ibinebentang abaka ng mga magsasaka.

Malubha ring pinagsasamantalahan ang mga manggagawang bukid ng Dole Stanfilco sa Dangcagan at Kitaotao, Bukidnon na tumatanggap lamang ng P291 kada araw o P4,365 sa 15 araw na trabaho. Dahil sa mga kaltas ng kumpanya sa sahod, umaabot lamang sa P3,765 kada buwan ang kanilang aktwal na natatanggap.

Ang mga kundisyong ito ang nagtulak sa mga magsasaka na makibaka para sa kanilang karapatang mabuhay. Sa Bukidnon, naging matagumpay ang mga kampanya ng mga magsasaka sa sampung magkakatabing baryo para itaas ang presyo ng kanilang mga produkto. Sa isang lugar, napataas ng mga magsasaka ng saging ang presyo ng kanilang produkto mula sa P7.50 tungong P10 bawat kilo nitong buwan.

Sa Agusan del Norte, napataas naman ng mga magsasaka ng kape ang presyo ng kanilang ani nang P10 bawat kilo. AB



# Nagpapatuloy ang gera laban sa Bangsamoro

Hindi pa tapos ang gera sa Marawi at Bangsamoro dahil tuluy-tuloy ang pang-aatake ng Armed Forces of the Philippines sa buhay, karapatan at mga komunidad ng mamamayang Moro. Ito ang sagot ng Suara Bangsamoro sa pahayag ng rehimeng US-Duterte na "tapos na" ang gera sa Marawi, sa okasyon ng anibersaryo ng "paglaya" ng syudad noong Oktubre 17.

Sa taya mismo ng AFP at kanilang mga among Amerikano, nasa 214,000 lamang sa mga napalayas sa labanan sa Marawi ang nakabalik sa kanilang mga lugar (kabilang ang mga residente ng katabing bayan) habang nasa 208,000 pa ang hindi nakababalik sa kanilang mga tirahan. Ang 127,000 sa kanila ay tinatayang hindi makababalik sa Marawi sa susunod na dalawa hanggang tatlong taon. Nasa 24 komunidad ng syudad ang wasak na wasak dulot ng kanilang mga bomba at eroplanong pandigma at hindi pa nasisimulan ang rekonstruksyon hanggang ngayon.

Malinaw para sa nakararami na ang tagumpay na ito ay hindi sa mamamayang Moro, kundi tagumpay para sa mga kasabwat ng rehimeng US-Duterte, sa mga komprador at dayuhang negosyo, sa malalaking burukrata-kapitalista na ngayo'y nakikinabang sa mga kontrata gamit ang banderang "Bangon Marawi." Tagumpay din ito sa tropa ng AFP at US na umagaw sa ekta-ektaryang lupa sa Marawi para pagtayuan ng kampo militar.

Sa kanilang protesta noong Oktubre 16, nanawagan ang mga residente at mga kabataang Moro na pabalikin na sila sa Marawi upang muli nang maitayo ang kanilang mga tahanan.

Anila, sawang-sawa na sila sa mga pangako ng gubyerno. Ilang ulit nang nabimbin ang nakatakdang *groundbreaking ceremony* sa syudad, na hudyat sana ng simula ng rehabilitasyon, dulot ng samutsaring dahilan. Ang huling palusot ng Task Force Bangon Marawi (TFBM) ay dahil hindi umano makararating si Duterte sa "groundbreaking."

Ayon kay Agakhan Sharief, lider Meranaw, matagal nang nangako ng rehabilitasyon ang gubyerno subalit ni isang gusali ay wala pa itong naitatayo. Ito ay dahil hindi matapos-tapos ang negosasyon ng mga burges-kumprador, mga burukrata-kapitalista at kanilang mga dayuhang kasosyo sa paghahatian ng pakinabang at kurakot. Ilang beses nang nagpalit-palit ang mga kumpanyang ginawaran ng mga kontrata sa proseso ng pagpili na batbat ng anomalya at korapsyon. Kahit ang pondo para sa ayuda ay ibinubulsa ng lokal na ahensya at mga kroni ni Duterte at hindi na nakararating sa mga bakwit.

Patuloy na binabalewala ng TFBM ang mga residente ng 27 barangay sa *ground zero*. Mayorya sa kanila ay nananatiling nasa mga *evacuation center* at dumaranas ng matinding gutom at hirap. Pasan nila ang patuloy na pagsirit ng presyo ng pangunahing mga bilihin. Noong Agosto, umabot sa 8.1% ang tantos ng implasyon sa rehiyon.

Bukod sa kagutuman, winasak din ng gera ni Duterte ang kultura ng mamamayang Moro.

Dulot ng walang puknat na pambobomba at gera ni Duterte, hindi bababa sa 37 moske, 44 pasilidad ng madrasah at 22 paaralan ang nasira. Mayroon ding mahigit 3,000 kabahayang pinagnakawan ng mga sundalo ng AFP na naiwan sa loob ng *ground zero*.

Para pahupain ang galit ng mga residente, naglunsad ng programang Kambisita ang TFBM at lokal na gubyerno, na nagpahintulot sa mga residente na bisitahin ang kanilang mga tahanan at isalba ang kanilang naiwang mga ari-arian.

Subalit ani Faykha Khayriyyah Alonto Ala, residente ng Barangay South Mandaya Proper, hindi sapat ang Kambisita, dahil pansamantalang solusyon lamang ito sa matagal na nilang panawagan na bumalik sa kanilang mga tahanan.

**Magpapatuloy na armadong labanan**

Hindi nagtapos kundi lalupang pinatitindi ang panggegera ng AFP laban sa mamamayang Moro. Sa kasalukuyan, may 75% tropa ng AFP ang nakadeploy sa Mindanao. Sa pamamagitan ng batas militar, binigyang lisensya ang mga sundalo at pulis na pumatay at mang-aresto ng mga sibilyan sa tabing ng pag-akusa sa kanila bilang kasapi ng grupong Maute, Abu Sayyaf o alinmang grupong tinagurian nilang terorista.

Magpapatuloy at sisidhi ang gera laban sa mamamayang Moro habang tumitindi ang pagpapatupad ng rehimen ng mga programa sa ekonomya na pabor sa mga dayuhan at lokal na burgesya. Patuloy na bi-

*"Nagpapatuloy...," sundan sa pahina 10*



# Mga protesta sa Buwan ng mga Magsasaka

Nagmartsa tungong Mendiola ang iba't ibang grupo at organisasyon, sa pangunguna ng mga magsasaka noong Oktubre 19, bilang bahagi ng komemorasyon ng "Buwan ng mga Magsasaka."

Bitbit ang isang myural na binansagang "Death-erte," tangan ng mga magsasaka ang mga panawagan laban sa kahirapan, kagutuman at pasismo.

Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), tila walang katapusan ang mga paraan ni Rodrigo Duterte para patayin ang mga Pilipino—mula sa Oplan Tokhang at Oplan Kapayapaan, hanggang sa pagpatay sa hirap at gutom bunsod ng kanyang mga pahirap na patakaran. Pinakamatindi dito ang walang-awat na pagtaas ng presyo ng bilihin dahil sa TRAIN Law, habang nananatiling kakarampot ang sahod ng masang anakpawis.

Idiniin ng KMP kung gaano kabagal at tila walang pakialam ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa ilalim ng bago nitong kalihim na si John Castriones, laluna sa pagresolba sa mahigit 10,000 kaso sa lupa at kanselasyon ng mga Certificate of Land Ownership Award (CLOA) ng libu-libong magsasaka na patuloy na itinataboy sa kanilang lupang sinasaka. Mas tinututukan pa ng DAR ang pagpapalit-gamit sa lupa at hinahayaang manalasa ang Oplan Kapayapaan sa maraming komunidad ng mga magsasaka.

Inalmahan din ng mga magsasaka ang nakaambang paglalabas ng rehimeng Duterte ng isang bagong kautusan na magpapalawig sa huwad at kontra-magsasakang Comprehensive Agrarian Reform Program.

Kabilang sa mga nagmartsa ang mga magsasaka ng Central Luzon na una nang dinahas noong Oktubre 18 sa harap ng DAR, kung saan nagtayo sila ng kampuhan. *(Basahin ang kaugnay na artikulo sa pahina 5.)*

Nagsagawa rin ng katulad na kilos-protesta para sa libreng pamamahagi ng lupa, hustisya, at pagtigil sa militarisasyon ng mga komunidad ng mga magsasaka sa mga sentrong lungsod mula Luzon hanggang Mindanao.

Sa Camarines Norte, nagtipon ang maliliit na magsasaka ng niyog upang muling igiit ang pagbalik ng sa pondong *coco levy*, at itaas ang presyo ng kopra.

*"Protesta...," sundan sa pahina 11*

---

*"Nagpapatuloy...," mula sa pahina 9*

nobomba ang mga komunidad ng Moro sa tabing ng pagsagupa sa terorismo, habang pinagtatakpan ang walang patumanggang pamamaslang nito sa mga inosenteng sibilyan, pangwawasak at pagnanakaw sa pribadong mga ari-arian.

Noong Hunyo 2018, isang buntis ang namatay matapos matamaan ng mortar mula sa AFP.

Palasak na ginagamit ngayon ng AFP ang "pagtugis sa terorista" upang bigyang katwiran ang mga atake nito sa mamamayang Moro. Noong Setyembre, pitong magsasakang Tausug ang pinaslang ng AFP habang tinutugis diumano ang mga elemento ng Abu Sayyaf. Maging ang Oplan Tokhang ay ginamit ng AFP nang salakayin nito ang siyam na mga kasapi ng MILF sa 105th Base Command ng Bangsamoro Islamic Armed Force sa Matalam, North Cotabato. Binaril at napatay din noong nakaraang buwan sa Mamasapano, Maguindanao si Babu Meriam Uy Acob, lider Meranaw at kilalang tagapagtaguyod ng karapatang-tao.

Hustisya ang panawagan ng mamamayang Moro sa pagkawasak ng Marawi. Nararapat lamang na managot ang rehimeng Duterte sa matinding pinsalang idinulot nito sa syudad. Ang pagkamatay ng may 1,000 sibilyan dulot ng patuloy na operasyong militar, sa mga sibilyang inaresto, tinortyur upang mapilitang umamin na mga kasapi ng grupong Maute at tagasuporta nito, at lahat ng biktima ng pang-aabuso ng militar at kapulisan. Wasto rin ang panawagan ng mamamayan ng Marawi na agarang simulan ang rekonstruksyon ng syudad sa halip na pagtatayo ng pansamantalang kabahayan upang ganap at permanente nang makabalik sa kanilang mga tahanan.

Lantad ang kainutilan ng Bangsamoro Organic Law sa mamamayang Moro. Hindi kailanman nito tutugunan ang mga dahilan ng armadong paglaban ng Moro. Ginamit lamang ito ng rehimen upang itali ang kamay at ganap na pahinain ang Moro Islamic Liberation Front (MILF). Kasabay ng pagkakapirma ng huwad na batas, pilit ding pinasuko ni Duterte ang mga armas sa bawat munisipyo ng Lanao del Sur upang mawalan ng kakayahan ang mamamayan na ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa pananalasa ng armadong mga tauhan ng rehimen.

Ang pagsasantabi ng rehimeng Duterte sa karapatan at kagalingan ng mamamayan, at ang walang habas nitong panggegera sa mamamayang Moro upang itaguyod ang armadong paghahari nito sa buong Bangsamoro at upang dambungin ang kanilang yaman at rekurso ang dahilan kung bakit magpapatuloy ang armadong paglaban ng mga Moro. Walang ibang pagpipilian ang mamamayang Moro kundi mag-armas upang depensahan ang kanilang buhay at kabuhayan at kanilang lupang ninuno laban sa pagsalakay ng pwersa ng estado at ng rehimeng US-Duterte. Ang mamamayang Moro ay higit pang makikipagkaisa sa mga rebolusyonaryong pwersa sa Mindanao upang ipagpatuloy ang kanilang pakikibaka para sa kanilang karapatan sa sariling pagpapasya at kalayaan. AB

# OPE-P: Papatinding panghihimasok militar ng US

Sa ilalim ng paghahari ni Rodrigo Duterte, lalong lumalalim at lumalawak ang panghihimasok militar ng US sa Pilipinas. Siya mismo ang naghawan ng daan sa mas mahigpit na kontrol ng US sa bansa, laluna sa AFP, nang ipataw niya ang batas militar sa Mindanao noong Mayo 2017 para "sugpuin ang teroristang grupong Maute."

Mula simula hanggang katapusan ng kanyang "gera kontra-terorismo" laban sa grupong Maute, pinamunuan ng US ang mga operasyon ng AFP sa loob ng Marawi City. Isinangkalan ng US ang labanan sa syudad para pormal na itatag ang Operation Pacific Eagle-Philippines (OPE-P) noong Setyembre 1, 2017. Ipinalit ang OPE-P sa Operation Enduring Freedom-Philippines (OEF-P) bilang "pinangalanang operasyon" ng US sa bansa. Nagkahugis ang OEF-P sa 900-kataong Joint Special Operations Task Force-Philippines na nakabase sa loob ng base ng AFP sa Zamboanga City mula 2002 hanggang 2015. Katulad ng OEF-P, nakabalangkas ang OPE-P sa *overseas contigency operations* (OCO) ng US (dating tinawag na "global war on terror") na pinopondohan ng dambuhalang badyet ng Pentagon.

Noong Disyembre 2017, idineklara ni Duterte na mga grupong "terorista" ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan (BHB) para bigyan ng dagdag na katwiran ang pag-iral ng OPE-P at palawakin ang mga operasyon nito labas sa Mindanao.

Sa ulat ng Lead Inspector General ng US Defense Department para sa Enero-Mayo 2018, mayroong 200-300 tropang US ang OPE-P na permanenteng nakabase sa bansa para magbigay diumano ng payo, pagsasanay at tulong sa mga tropang Pilipino. Tapos na ang labanan sa Marawi sa panahong ito at panaka-naka na lamang ang mga sagupaan sa pagitan ng AFP at mga armadong grupong Moro.

Sa loob ng kasalukuyang taon, nag-ulat ang OPE-P ng gastos na $32.4 milyon (P1.8 bilyon sa palitang P55-$1). Kalakhan ng pondong ito ay napunta sa pagbibigay ng suportang sarbeylans mula sa himpapawid gamit ang mga *unmanned aerial vehicle* (UAV o *drone*) sa mga operasyong kombat ng AFP.

Bagamat ang "ISIS-Philippines" ang tinukoy na pangunahing target ng OPE-P, markado ang paglipad ng mga *drone* bago ang mga pang-aatake ng AFP sa mga eryang pinaghihinalaang kinikilusan ng BHB nga-

*"OPE-P...," sundan sa pahina 12*

*"Protesta...," mula sa pahina 10*

Sa Kabisayaan, nagdaos ng Lakbayan Kontra Kagutuman, Kahirapan at Pasismo ang mga magsasaka at mangingisda. Simula Oktubre 18, naglakbay ang mga organisasyong magsasaka mula Cebu, Negros Oriental, at Bohol para magtipon sa harap ng kapitolyo ng Cebu noong Oktubre 19 at ihayag ang kanilang mga panawagan.

Sa Negros, naglunsad ng mga bungkalan ang mga magsasaka at manggagawang bukid sa higit 30 asyenda sa rehiyon.

Sa Eastern Visayas, nagsagawa ng dayalogo ang mga grupo ng mga magsasaka sa kanilang mga lokal na pamahalaan upang ipanawagan ang pag-alis ng mga tropa ng AFP na nakahimpil sa kanilang mga komunidad.

Sa Mindanao, samutsaring aktibidad at mga *caravan* ang inilunsad ng mga magsasaka, manggagawang bukid at manggagawa ng plantasyon.

**Kalampagan kontra kagutuman**

Noong Oktubre 16, nagsagawa ng mga protesta sa Metro Manila ang mga progresibong grupo sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan at Gabriela kasabay ng komemorasyon ng United Nations World Food Day. Anila, dapat tawagin itong "World Foodless Day" sa harap ng pagsirit ng mga presyo ng bilihin.

Bitbit ang mga kaldero at kawaling walang laman, nagsagawa ng mga "kalampagan" ang mga grupo sa mga palengke ng Nepa-Q Mart sa Quezon City, Bagong Silang Market sa Caloocan City, Marikina Clock Tower, Pasig City Public Market, at Alabang Market sa Muntinlupa City.

Ayon sa Gabriela, hindi nakapagtataka na wala nang makain ang kalakhan ng mga Pilipino sapagkat hindi tumitigil ang pagsirit ng presyo ng bilihin, lalo at pumalo na ang tantos ng implasyon sa 6.7% noong Setyembre. Pinakaapektado nito ang mahigit 2.2 milyong pinakamahihirap na pamilya sa bansa.

Bagaman sinabi ng rehimeng Duterte na isususpinde nito ang dagdag na buwis sa mga produktong petrolyo sa ilalim ng batas na TRAIN, hindi bilib ang mga raliyista dahil wala o maliit lamang ang magiging epekto nito sa presyo ng mga bilihin.

Samantala, sa pangunguna ng mga progresibong grupong kabataan, nagsagawa rin ng kabi-kabilang protesta laban sa pag-apruba sa P2 taas-singil sa minimum na pasahe sa dyip. Noong Oktubre 18, nagsagawa ng mga protesta sa iba't ibang mga unibersidad at sakayan ng dyip sa Kamaynilaan.

Ayon sa Anakbayan, ang paghihirap ng mga drayber at opereytor ng dyip ay bunsod ng pagtaas nang 40% o mahigit P14 kada litro sa presyo ng *diesel* simula Enero. Sa halip na tugunan ng rehimen ang nasabing problema, ipinasa lamang sa mga pasahero ang bigat sa pamamagitan ng taas-singil sa pasahe. AB


*"OPE-P...," mula sa pahina 11*

yong taon. Halos laging may nauunang sarbeylans ng *drone* sa 59 insidente ng istraping at pambobomba mula sa himpapawid na naitala ng National Democratic Front-Mindanao simula Enero 2018. Mga *drone* din ang nauuna sa mga lugar kung saan mayroong nakapokus na operasyong militar ng AFP. Para sa 2019, humingi ng $108.2 milyon (P5.95 bilyon) o triple sa kasalukuyang pondo ang OPE-P para sa mga operasyon nito sa bansa.

Ginamit din ng US ang OPE-P para palawakin ang mga pagsasanay militar at maglagay ng mas malaking pwersang militar sa loob ng bansa. Nakapailalim sa OPE-P ang Balikatan 34 na nilahukan ng 8,000 tropa (3,000 Amerikano at 5,000 Pilipino) noong Mayo. Sinundan ito ng dalawa pang malalaking pagsasanay militar: ang MTA Sama Sama noong Hulyo at Kamandag 2 (dating Phiblex) nitong Oktubre. Bahagi ng mga pagsasanay na ito ang mga paggamit ng *live-fire* at "amphibious landing" (pagsasanay sa paglusob sa mga baybaying dagat), taliwas sa unang deklarasyon ni Duterte na "babawasan" kung hindi man tahasan niyang ipagbabawal ang mga ito.

Ang malalaking pagsasanay na ito ay bahagi ng masinsing presensya ng mga tropa ng US sa kalupaan at karagatan ng Pilipinas. Halos araw-araw, may nagaganap na maliliit at malalaking pagsasanay, kumperensya, pagpupulong o iba pang aktibidad na pinangungunahan ng mga tropang Amerikano sa iba't ibang bahagi ng bansa. Mula sa 258 noong 2017, tumaas tungong 261 ang naturang mga aktibidad-militar sa 2018 at tataas pa tungong 281 sa 2019. Taun-taon, dumarami at lumalaki ang mga itinatakdang pagsasanay sa iba't ibang aspetong militar.

Kasabay ng mga ito ang paglalayag ng mga barkong pandigma ng US sa karagatan ng Pilipinas at sa South China Sea sa tabing ng "freedom of navigation operations" at ang pagdaong ng ilan sa mga ito para sa pagkukumpuni, pagtatapon ng basura at pagkarga ng panggatong, gayundin para sa pagliliwaliw ng kanilang mga tropa.




Sa pangkalahatan, paparami at papadalas ang paglalabas-masok ng mga tropa at armas ng US. Liban sa mga pagsasanay, pinakamarami rito ang mga tropang sakay ng mga barkong pandigma na "bumisita" sa bansa. Sa kabuuan, sampung barkong pandigma ng US ang dumaong sa Manila Bay, Subic Bay at iba pang malalaking daungan mula Enero. Lulan ng mga ito ang hindi bababa sa 17,500 tropang militar, dose-dosenang eroplanong pandigm at iba pang armas pandigma. Ang pinakamamalaki sa mga ito ay pinaandar ng enerhiyang nukleyar. Mas malaki pa ang bilang ng mga tropang Amerikano na naglamas-masok sa teritoryo ng Pilipinas kung isasama ang tropa ng mga barkong nagsagawa ng hindi bababa sa 15 paglalayag sa paligid at loob ng mga karagatan ng bansa sa samutsaring dahilan, kabilang ang "freedom of navigation operations." Isa rito ang USS Essex na nabunyag lamang na nakahimpil sa Philippine Sea noong Agosto dahil nalaglag sa barko at nawala ang isa sa mga Marino nito. Katuwang ng mga barkong US ang mga barkong Japanese at Australian.

Higit sa panghihimasok sa internal na mga usapin, muling naitulak ng US ang estratehikong plano nitong gawing permanente at mas masaklaw ang pagbabase ng tropa at pag-iimbak ng gamit nito sa Pilipinas sa ilalim ni Duterte.

Gamit ang dati nang mga kasunduang militar, sinimulan ng US ang hayag na konstruksyon ng mga pasilidad para sa mga tropang Amerikano sa loob ng mga dati nilang base militar. Noong 2017, pinasinayaan ng US at AFP ang bagong gusali sa loob ng Basa Air Force Base sa Pampanga na kunwa'y para sa mga operasyong pangkawanggawa pero sa aktwal ay para imbakan ng kanilang materyal pandigma. Inianunsyo rin ng US at AFP ang kagyat na pagsisimula ng konstruksyon ng katulad na mga pasilidad sa Fort Magsaysay Military Reservation, Lumbia Air Base, Antonio Bautista Airbase at Benito Ebuen Air Base. Ngayong taon, sinimulan ang konstruksyon ng isang base militar sa residensyal na erya ng Marawi City matapos ipaungkat at ipadeklara ng US sa rehimeng Duterte bilang *mili-*

*"OPE-P...," sundan sa pahina 13*

# Daantaong kolonyal na edukasyon sa Pilipinas

Sa loob ng mahigit isang siglo, instrumento ng US ang edukasyon, kaakibat ang iba pang mga institusyon sa kultura tulad ng midya, para patatagin ang kontrol at dominasyon nito sa lokal na ekonomya at pulitika.

Mula sa unang mga gurong Amerikano hanggang sa kasalukuyang programang K-12, ginagamit ng US ang sistema ng edukasyon para ihulma at sanayin ang kabataang Pilipino alinsunod sa mga estratehiko nitong interes sa loob ng bansa at sa rehiyon.

Ginamit ng US ang kolonyal na gubyerno at ang magkakasunod na papet nitong rehimen mula 1946 para sistematikong i-ayon sa "American Dream" ang kultura, gawi at pagkakakilanlan ng kabataang Pilipino. Pinaglaanan nito ng rekurso ang sistema ng edukasyon para tiyakin na nagsisilbi ang mga paaralan, kapwa ang mga pribado at pampubliko, para sa mga pangangailangan ng mga kumpanya at institusyon nito sa loob at labas ng bansa, gayundin sa burukrasyang sibil at panseguridad ng papet nitong estado.

**Edukasyong Amerikano**

Itinatag ang sentralisadong sistema ng pampublikong edukasyon sa Pilipinas noong 1901 sa bisa ng Act No. 74 ng Philippine Commission, ang kolonyal na gubyerno ng US na pinamunuan ni William Howard Taft. Itinayo nito ang Department of Public Instruction (Kagawaran sa Pampublikong Instruksyon) na nagpasok sa bansa ng 500 mga guro mula sa United States na kinilala bilang mga "Thomasites."

Itinayo ng US ang sistema ng primaryang edukasyon sa Pilipinas, gayundin ang Philippine Normal School (ngayo'y Philippine Normal University) para sanayin ang mga Pilipinong guro na kinalaunan ay pumalit sa pagtuturo sa mga publikong paaralan. Ipinatupad ang paggamit ng Ingles bilang wika sa instruksyon at mga librong batay sa kulturang Amerikano ang ginamit.

Pinalawak ang pampublikong edukasyon sa pagtatayo ng University of the Philippines noong 1908 sa bisa ng Act No. 1870. Ginamit ang unibersidad para magsanay ng mga Pilipinong dalubhasa sa pulitika at ekonomya alinsunod sa disenyo ng US upang tumao at mamuno sa kolonyal na burukrasya.

Noong 1927, sa bisa ng Commonwealth Act (CA) No. 337, sinimulan ang teknikal-bokasyunal na edukasyon sa bansa. Sinundan ito ng CA 313 na nagtayo ng mga bokasyunal at agrikultural na hayskul sa mga rehiyon.

Isinabatas din ang Education Act of 1940 na layunin diumanong bawasan ang kamangmangan ng matatandang Pilipino. Ngunit batay dito, ipinatupad ang isang "citizenship training program," isang programa para sa pagsasanay sa mga trabahong manwal. Layunin ng mga ito na tugunan ang pagpapadala ng mga Pilipino sa US, laluna sa Hawaii, para maging manggagawa sa agrikultura.

**Edukasyon sa ilalim ng mga papet na rehimen**

Mula 1946, sunud-sunod na nagpatupad ang mga papet na rehimen ng mga patakaran para ipagpatuloy at higit pang patatagin ang kolonyal na edukasyon sa bansa. Sa partikular, tiniyak ng mga ito na natutugunan ang pangangailangan para sa mura at kiming lakas-paggawa ng mga kumpanyang imperyalista.

Isinabatas ni Pres. Diosdado Macapagal ang Republic Act. No. 3742 noong 1963 na bumuo sa Bureau of Vocational Education para pangasiwaan ang pagpapaunlad ng kasanayan sa agrikultura, industriya, teknikal at iba pang bokasyunal na kurso. Kasabay ito ng pagsisi-

*"OPE-P...," mula sa pahina 12*

*tary reservation* ang malaking bahagi ng syudad. Isa ito sa mga dahilan kung bakit hindi pa pinauuwi, at limitado lamang na pinabibisita, ang mga residente sa kanilang dating mga lugar.

Tuluy-tuloy na nakapagtatambak ang US ng mga eroplano, helikopter, barko, bala, bomba at iba pang materyal pandigma sa bansa. Sa tabing ng modernisasyon ng AFP, ipinasok ng US sa bansa ang armas at pinaglumaang kagamitan na nagkakahalaga ng P5 bilyon mula Enero 2017. Daragdagan pa ito ng iba pang gamit-militar, tulad ng *anti-missile radar system* na nakatakdang "bilhin" ni Duterte mula sa Israel at anim na F-16 *fighter jet* na galing sa US na kunwa'y para sa depensa sa karagatan ng Pilipinas. Ang "pagbili" ng gayong mga armas para diumano ipagtanggol ang South China Sea ay bahagi ng plano sa depensa ng US laban sa umuusbong na kapangyarihang militar ng China.

Tuluy-tuloy ang mahigpit na ugnayan ng mataas na upisyal nito sa mga upisyal-militar at ng State Department ng US. Taun-taon ang pagbisita ng kumander ng Indo-Pacific Command ng US sa bansa, gayundin ang pakikipagpulong ni Defense Secretary Lorenzana sa Washington D.C. at pagkikita ng matataas na upisyal-militar at State Department ng US sa bansa. Regular na nagpupulong ang Security Engagement Board, ang komiteng nagpapasya ng mga aktibidad ng US sa bansa.

Liban sa larangan ng militar, pinapasok din ng mga ahensya ng US ang iba't ibang aspeto ng pambansang seguridad katulad ng mga programa ng Philippine National Police, pagmamanman sa *social media,* pamamahala sa daungan, paliparan at iba pa. AB

mula ng pamumuhunan ng mga dayuhan sa mga pabrika sa tela at damit.

Sa payong ng World Bank (WB), binuo ng rehimeng Marcos noong 1969 ang Philippine Commision to Survey Philippine Education (PCSPE) para iayon ang edukasyon sa bansa sa "pambansang kaunlaran." Mula sa mga rekomendasyon nito, ipinatupad ni Marcos ang Ten-Year Educational Development Plan, isang P500 milyong programang pinondohan ng WB na nagbigay diin sa edukasyong nakatuon sa mababababang klase ng kasanayan. Tinugunan nito ang noo'y partikular na pangangailangan para sa murang lakas-paggawa sa mga *export-processing zone*. Itinulak din ni Marcos ang pangingibang-bayan ng mga gradweyt ng mga eskwelahang bokasyunal-teknikal bilang solusyon sa malalang problema ng disempleyo.

Itinayo ni Marcos ang mga sentro para sa pagsasanay sa mga rehiyon at ipinailalim sa Upisina ng Presidente ang pananaliksik sa mas mabilis na treyning, partikular sa mga kabataang hindi nag-aaral at walang trabaho.

Sa pagpasa ng Education Act of 1982, binuo ni Marcos ang Bureau of Technical and Vocational Education para tasahin ang mga programang teknikal at bokasyunal at muling iayon ang mga kurso, gamit at pabrika sa noo'y nagsisimula nang neoliberal na kaayusan.

Bahagi nito ang pagsistematisa ng rehimen sa pagpapadala ng mga Pilipino sa ibayong dagat sa pamamagitan ng Executive Order No. 797 na bumuo sa Philippine Overseas Employment Agency (POEA).

Ayon sa datos ng POEA, lumaki ng halos 1,035% ang bilang ng OFWs mula 36,029 noong 1975 tungo 372,784 ng 1985. Kalakhan sa kanila ay ipinadala sa Middle East at nagtrabaho bilang mga manggagawa sa proyektong konstruksyon noong dekada 1980.

Sa ilalim ng rehimeng Corazon Aquino, binuo ang New Secondary Education Curriculum ng 1989 na karugtong ng kapareho nitong kurikulum sa elementarya. Ipinakilala dito ang asignaturang Technology and Home Economics (THE) na itinuturo ang pagluluto, pananahi at pagpapanday. Gayundin, ipinakilala ang Values Education na nagkintal sa mga estudyante ng pagiging "masunurin" at "masipag sa pagtatrabaho."

Karugtong nito, isinabatas ang RA 6655 o Free Public Secondary Education Act of 1988 para gawing libre at obligasyon ang pagpasok sa hayskul. Isa sa mga probisyon nito ang pagkakaroon ng mga kursong bokasyunal at teknikal sa kurikulum para agad nang makapagtrabaho ang mga gradweyt ng hayskul.

Taong 1994, itinatag ang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), at ihiniwalay sa Commission on Higher Education ang mga teknikal-bokasyunal na pag-aaral. Mula nang itatag ito, nadadagdagan at nagbabago ang klase ng mga kurso na itinuturo ng TESDA depende sa pangangailangan para sa partikular na kasanayan sa pandaigdigang pamilihan.

Noong 1998, naglabas ng pag-aaral ang World Bank at Asian Development Bank, ang Philippine Education for the 21st Century: The 1998 Philippine Education Sector Study (PESS). Nilaman nito ang mungkahi na bawasan ang mga asignatura sa elementarya. Ayon sa kanila, ang kinakailangan sa panahong ito ay pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbabasa at komunikasyon at batayang kaalaman sa matematika o aritmetik. Akmang-akma ang repormang ito sa umuusbong na *business process outsourcing* sa bansa na nagsimula noong 1992 at lumaganap mula 2001.

Pagkaupo ni Arroyo bilang pangulo, binuo at ipinatupad ang 2002 Basic Education Curriculum (BEC) o mas kilala sa tawag na Millenium Curriculum. Binalangkas nito sa lima ang mga asignatura—Ingles, Matematika, Syensya, Filipino at Makabayan (Pag-SIKAP o Araling (Pag)papahalaga, (S)ining, (I)nformation and Communication Technology, (K)ultura, Kalusugan at Kabuhayan, at (A)raling (P)anlipunan at Araling Pangkalusugan).

Pinaiksi nito ang pagtatalakay sa syensyang panlipunan na lalong nagpakitid sa espasyo para mapag-usapan ang kasaysayan at kalagayan ng lipunan at bansa. Gayundin, sa BEC, ibinalik bilang wika sa pagtuturo ang Ingles para i-ayon sa pangangailangan ng pandaigdigang merkado. Ngunit dahil sa naging malawakang pagtutol dito, ibinalik ang wikang Pilipino pero bilang katuwang lamang na lengwahe sa pagtuturo.

Sa panunungkulan ni Benigno S. Aquino III, kagyat na dinisenyo ang programang K-12 at ipinatupad sa bisa ng Enhanced Basic Education Act of 2013. Malaking bahagi ng K-12 ang nagdiin sa mga kurso at pagsasanay, pareho ang teknikal-bokasyunal at propesyunal, para sa mga trabaho at pusisyon sa labas ng bansa. Sa ilalim ng programa, dinagdagan ng Grade 11 at 12 o Senior High School na mayroong apat na "track" o direksyon: Technical-Vocational-Livelihood (TVL), Academic, Arts and Design at Sports.

Kabilang sa mga kursong nakapaloob sa TVL ang pagsasanay sa pagiging manikurista, welder, matansero, mga kasanayang kaugnay ng *information and communications technology* at iba pang kinakailangan sa Canada, Middle East at iba pang bansa.

Mayorya ng mga estudyante ng hayskul ay inilalagay sa direksyong Technical-Vocational Livelihood, at ineengganyong huwag nang tumuloy sa kolehiyo. Sa gayon, awtomatiko silang pumapasok sa malawak na hanay ng mga walang trabaho. Kung nais nilang magtrabaho, ang mapagpipilian lamang nila ay maging mga kontraktwal na may napakababang sahod at walang benepisyo sa loob o di kaya'y sa labas ng bansa. AB